Ang Business Conduct Guidance Line ng Monsanto

Maganda ang aming pananaw. Ang mga posibleng maging pakinabang sa mga produkto ng Monsanto ay nakikita sa lahat ng dako ng daigdig, mula sa pinakamaliit na mga family farm hanggang sa pinakamalaking negosyo.

Ang pagtupad sa Pledge sa pamamagitan ng kabutihang-asal sa pagnenegosyo ay makakatulong na isakatuparan ang ating pananaw. Ang ating Code of Business Conduct ang inyong sanggunian para sa kabutihang-asal sa pagnenegosyo sa Monsanto. Ang kabutihang-asal ang ganap na pinahahalagahan sa Monsanto Pledge, at ganito ang aming pagpapatakbo sa aming mga pang-araw-araw na pagnenegosyo. Ang aming Code of Business Conduct ay naghahandog ng gabay sa pagnenegosyo ng may kabutihang-asal. Kung sa anumang oras ay may mga katanungan kayo tungkol sa aming code o kung mayroon kayong pinag-aalalahanan, mangyaring tawagan ang Monsanto Business Conduct Line.

Ang Business Conduct Line ng Monsanto ay isang maginhawang paraan para sa inyo na humingi ng gabay para sa pagtalakay sa anumang pinag-aalalahanan sa pagpapatakbo ng negosyo. Kung gusto ninyo, puwede kayong tumawag na hindi ninyo binibigay ang inyong pangalan.

Kung tumatawag kayo sa labas ng North America, i-dial muna ang access code ng inyong bansa. Para sa Pilipinas, ang code at ang numerong ida-dial ninyo ay: 105-11 + 877 781-2431.

Kapag tinawagan ninyo ang Business Conduct Guidance Line ng Monsanto, kakausapin kayo ng isang sinanay na communication specialist para mas lalong maintindihan kung ano ang inyong pinag-aalalahanan. Tapos pinadadala ng specialist ang inyong katanungan bilang isang report sa Business Conduct Office ng Monsanto, na kung saan susuriin ang inyong katanungan para malaman kung ano ang nararapat gawin o kung ano ang nararapat na pagtugon.

Sa katapusan ng inyong tawag ay bibigyan kayo ng isang reference number at petsa kung kailan kayo tatawag muli, para makapagtanong kayo pagkatapos kung ano ang ginawa tungkol sa inyong katanungan o pinag-aalalahanan. Banggitin ang reference number kapag tumawag kayong muli. Kung kailangan ng karagdagang impormasyon mula sa inyo, hihingin ito sa inyo sa pagtawag ninyong muli.

Mangyaring bigyang-pansin…

Ang hangad ay hindi palitan ng Business Conduct Guidance Line ang mahalagang pakikipag-usap ninyo sa inyong superbisor. Kung may mga katanungan o pinag-aalalahanan kayo tungkol sa normal na mga paraan ng pamamahala o kung may mga mungkahi kayo para gawing mas komportabale o mas mahusay ang inyong lugar ng trabaho, mangyaring ipagbigay-alam ito sa inyong superbisor.

Monsanto Pledge

Ang karangalan ang pinagbabatayan ng lahat ng ginagawa namin. Kabilang sa karangalan ang katapatan, kagangahang-asal, katatagan at lakas ng loob. Batay sa mga kahalagahang ito, kami ay nangangako ng:

Pagpapalitang-kuro:
Makikinig kami nang maigi sa mga ibat-ibang pananaw at makikipagpalitang-kuro upang palawakin ang aming pagkakaunawa sa mga isyu upang matugunan nang mas mabuti ang mga panangailangan at pinag-aalalahanan ng madla at ng bawat isa.

Paggalang:
Gagalangin namin ang mga relihiyon, kultura at mga paniniwalang moral ng mga tao sa lahat ng dako ng daigdig. Mangunguna sa amin ang kaligtasan ng aming mga empleado, ng mga komunidad na kung saan kami nagnenegosyo, ng aming mga customer, mga mamimili at ng kapaligiran.

Transparency:
Titiyakin namin na makukuha, magagamit at naiintindihan ang mga impormasyon.

Pakikipagtulungan:
Magbibigay kami ng kaalaman at teknolohiya upang paunlarin ang pagkaunawang makasiyensiya, upang pabutihin ang agrikultura at ang kapaligiran, upang pabutihin ang mga ani, at upang tulungan ang mga magsasaka sa mga bansang mahirap ang kabuhayan.

Mga Pakinabang:
Maghahatid kami ng mga produktong primera klase na makakabuti sa aming mga customer at sa kapaligiran, na may siyesiyang matatag at nauukol sa pagbabago, at may maasikaso at mabisang pamamahala.

Sa loob ng kompanya, nangangako rin kaming:

Kumilos bilang mga May-ari upang Magtamo ng mga Resulta:
Kami ay maglilikha ng malinaw na direksyon, mga tungkulin at kapanagutan; magtatatag ng mga matatag na kaugnayan sa aming mga customer & mga kasosyo sa labas; gagawa ng mga mabuting desisyon; pamamahalaan ang mga kayamanan/kakayahan ng aming kompanya; at tungkulin namin ang tamuhin ang pinagkasunduang mga resulta.

Lumikha ng isang Napakahusay na Lugar ng Trabaho:
Titiyakin naming tanggapin ang ibat-ibang klaseng tao & mga pag-iisip; makalikaha ng pagbabago, pagkamalikhain & pagtuto; ang pagtutulungan ng lahat ; at pabuyaan at kilalanin ang aming mga tauhan.

Mga Paraan ng Pagkontak sa Business Conduct Office
Hinihimok kayong kontakin ang Business Conduct Office sa alinman sa mga sumusunod na paraan::

Monsanto Guidance Line:	877-781-2431
Telepono ng Opisina:	800-886-0782
E-mail:	business.conduct@monsanto.com
Direksiyon ng Business Conduct para sa mga sulat na mula sa ibang bansa:	Monsanto Business Conduct Program P.O. Box 21526 St. Louis, MO 63132, USA

Mangyaring bigyang pansin na kung gusto ninyo ay puwede ninyong ipadala sa Business Conduct Office ang inyong mga pinag-aalalahanan o mga katanungan na hindi ninyo binibigay ang inyong pangalan. Ngunit upang protektahang hindi kayo makilala, mangyaring tawagan ang Guidance Line o ipadala ang sulat sa P.O. Box. Sa mga empleadong binigay ang kanilang mga pangalan, ipaglilihim namin ang inyong identidad sa abot ng aming makakaya.

Sa Mga Kasamahan Ko Sa Monsanto:

Ang walang pag-aatubiling pangako ng katapatan sa lahat ng mga pagnenegosyo ang buod ng pag-uugali ng lahat ng tao sa ating korporasyon. Kailangang hindi natin kakalimutan kailanman ang pangakong ito. Sa katunayan nga ay dapat nating pagtibayin araw-araw ang pangakong ito. Sa pagsasama ng katapatan sa lahat ng ating ginagawa, makakamit natin at mamamalagi ang tiwala ng lahat ng ating stakeholders.

Dapat nating sikapin araw-araw na manatili at dagdagan ang tiwala. Sa tiwalang ito ay maisasakatuparan natin ang ating pananaw ng kasaganaan sa pagkain at ng isang kapaligirang nagpapalusog; kapag wala ng mga ito, hinaharap natin ang di-maiigpawang mga hadlang sa ating kalayaang magnegosyo.

Higit pa sa pagsunod sa batas ang pagkamit ng reputasyong iyon. Ang ibig sabihin nito ay gawin natin ang tama kahit na walang partikular na batas o regulasyon para sa mga sitwasyong hinaharap natin. Kung minsan ay hindi malinaw kung ano ang tamang gawin, pero sa Monsanto, ang tungkulin natin ay hanapin ang tamang kasagutan para sa bawat sitwasyon sa pagnenegosyo. Upang tulungan tayong gawin ang pinakamabuting hakbang naghahandog itong Code ng mga gabay para sa naaangkop na pagkilos sa pagnenegosyo. Tutulungan tayo ng ating Code na harapin ang sarisaring mga gawain sa pagnenegosyo na nakakaapekto sa ating reputasyon.

Inaasahang susundin ng bawat isa sa atin ang ating Code sa lahat ng ating ginagawa.

Sumasainyo,



Hugh Grant
Tagapangulo ng Lupon at CEO ng Monsanto Company

Talaan ng mga Nilalaman

Ang Saklaw nitong Code / Business Conduct Office 1

Karangalan 2

Ang Ating mga Pangako 3

Ang Ating mga Pangako sa Isat-isa 3

Ang Ating Kapaligiran sa Trabaho
Mga Pinag-aalalahanan ukol sa Kaligtasan at Kalusugan

Ang Aming Pangako ng Pagnenegosyo sa Makatarungang Paraan 4

Antitrust at Iba Pang mga Batas ukol sa Kumpitensiyahan
Competitive Intelligence
Panunuhol at mga Kickback
Mga Regalo at Entertainment
Marketing sa Marangal na Paraan
Mga Kontribusyong Pampulitika at Lobbying
Insider Trading
Mga Conflict of Interest
Corporate Opportunities
Mga Kaugnayan sa Supplier and Customer

Ang Aming Pangako ng Mahusay na Produkto 7

Pananaliksik na Pansiyensiya
Kahusayan ng Produkto
Pagsunod sa mga Regulasyon
Pangangalaga ng Produkto

Ang Aming Pangakong Magtrabaho sa Loob ng Aming Komunidad 8

Pinoprotektahan ang Kapaligiran
Gawaing Pampulitika ng Empleado

Ang Aming Pangako na Tama ang mga Sinisiwalat sa Madla at ang Naaangkop na Paggamit ng mga Pag-aari ng Kompanya 8

Kalidad ng mga Sinisiwalat sa Madla
Wastong mga Libro at Talaan
Pamamahala ng mga Talaan
Intellectual Property at Lihim na Impormasyon
Mga Pag-aari ng Kompanya
Computer, E-mail, at Internet
Paglilihim ng mga Talaan
Paglilihim para sa European Union

Ang Aming Pangako na Tangkilikin ang mga Pagtatrabaho sa Ibat-ibang Bansa sa Lahat ng Dako ng Daigdig 11

Pagtulong sa Paglaban sa Corruption
Mga Batas Laban sa Pagboycott
Trade at Economic Sanctions
Pagluluwas at Pag-aangkat
Mga Etikal na Transaksyon ng Pera

Mga Malimit na Tinatanong 13

Sa Pagwawakas 14

Ang Saklaw nitong Code

Itong Code of Business Conduct (ang “Code) ay inaprobahan ng ating liderato at ng ating Board of Directors at binibigay at pinaliliwanag ang mga importanteng obligasyon nating lahat. Bilang simula, ang patakaran ng Monsanto ay sundin ang naaangkop na mga batas at mga regulasyon. Itong Code ay isang gabay at mapagkukunan ng impormasyong nauukol sa batas hinggil sa mga isyu ng business conduct na madalas mangyari. Ang Code ay hindi para talakayin ang bawat sitwasyon, at hindi rin ito buod ng lahat ng mga batas at mga regulasyon na naaangkop sa Monsanto. Laging inaasahan na gagamitin ng mga empleado ang kanilang sentido komon at mabuting pagpapasya kapat tinatalakay ang mga isyu sa business conduct, at humingi ng tulong kung hindi malinaw ang dapat nilang gawin.

Itong Code ay para sa mga pagnenegosyo ng Monsanto at mga subsidiary nito sa buong daigdig at para sa lahat ng mga opisyal, mga direktor, at mga full time at part time na empleado ng Monsanto. Sa karagdagan, itong Code ay para rin sa lahat ng mga affiliate na pinamamahalaan ng Monsanto. At sa wakas, ang lahat ng entidad na kumakatawan sa Monsanto gaya ng mga consultant, mga ahente, sales representatives, distributors, at independent contractors ay magbibigay ng nakasulat na pagsang-ayon na susundin nila ang lahat ng naaangkop na mga bahagi nitong Code. Kapag naaangkop, sakop rin itong mga entidad ng parehong mga tadhana para sa mga empleado ng Monsanto.

Business Conduct Office

Nilikha ang Business Conduct Office upang isakatuparan at pamahalaan ang Business Conduct Program sa Monsanto. Kabilang sa mga tungkulin nitong Office ang paggagabay at pagpapayo hinggil sa Code at sa anumang mga isyu ng business ethics.

Hinihimok kayong kontakin ang Business Conduct Offices sa aliman sa mga sumusunod na paraan:

Monsanto Guidance Line:	877•781•2431
Telepono ng Opisina:	800•886•0782
E-mail:	business.conduct@monsanto.com
Direksyong pinadadalhan ng sulat:	Monsanto Business Conduct Program P.O. Box 21526 St. Louis, MO 63132, USA
Feddback form mula sa web ng Business Conduct:	Nasa Business Conduct Program homepage

Mangyaring bigyang pansin na kung gusto ninyo ay puwede ninyong ipadala sa Business Conduct Office ang inyong mga pinag-aalalahanan o mga katanungan na hindi ninyo binibigay ang inyong pangalan. Ngunit upang protektahang hindi kayo makilala, mangyaring tawagan ang Guidance Line o ipadala ang sulat sa P.O. Box. Sa mga empleadong binigay ang kanilang mga pangalan, ipaglilihim namin ang inyong identidad sa abot ng aming makakaya.

Sa karagdagan, puwede ninyong sabihin ang inyong mga pinag-aalalahanan o puwede kayong magtanong sa inyong superbisor o sa Monsanto Law Department.

Karangalan

Magiging marangal tayo sa lahat ng mga ginagawa natin dahil ang karangalan ang pundasyon sa paraan ng pagnenegosyo ng Monsanto. Ang negosyong itinatatag sa karangalan ay lumilikha ng mga buklod ng pagtitiwala na nagreresulta sa matatag at matagalang mga kaugnayan sa mga komunidad na pinagtatrabahuhan natin, sa ating customers, stakeholders at sa bawat isa. Ang karangalan ang gabay sa ating pag-uugali sa lahat ng bagay, pati na rin ang pagsunod sa mga elemento ng ating Monsanto Pledge.

Saklaw ng Pledge ang mga kahalagahan ng Monsanto na nagsisible sa ating pangako ng karangalan:

Katapatan	Maging matapat sa ating mga pagnenegosyo, malinaw at iksakto sa ating mga pagkikipag-unawaan. Makamit at panatilihin ang tiwala ng mga pinaglilingkuran natin.
Kagandahang-asal	Magalang at makatarungan sa pagtrato sa iba. Pinakikinggan ang mga ideya ng iba, kahit na hindi tayo sang-ayon sa mga iyon, at magtulungan sa mapagkumbabang paraan upang malutas ang mga problema.
Katatagan	Tinutupad ang mga pangako natin sa mga customer, mga namumuhunan, mga komunidad at sa isat-isa. Pinananagutan ang ating mga kilos at pinagsisikapan ang kahusayan.
Lakas ng Loob	May lakas ng loob na nauunawaan at tumatalima sa ating mga kahalagahan, kahit kapag kaharap ang mga taong hindi ginagawa ang mga ito. Ginagawa ang tama kahit mas madaling gawin ang mali.

Paminsan-minsan, kahit na kapag legal ang ginawa, maaaring nag-aalala kayo kung dapat ngang ginawa ninyo iyon, dahil baka laban sa ating mga kahalagahan o sa mga bahagi ng Monsanto Pledge ang ginawa. Upang tulungan kayong malutas ang mga ganitong kagipitan, ipinagkakaloob ang mga sumusunod na gabay para sa pagdedesisyon.

Sundin itong mga hakbang sa inyong pagsisikap na malutas ang inyong problema:

1. Alamin ang mga katotohanan, liwanagin ang inyong kagipitan at alamin sa abot ng inyong makakaya ang pangunahing isyu.
2. Sikapin sa abot ng inyong makakaya na intindihin ang mga kapakanan ng mga maaapektuhan ng inyong desisyon at bigyang pansin ang anumang mga salungat na interes.
3. Tantiyahin ang sitwasyon at ang anumang kilos sa pagsangguni sa ating Monsanto Pledge.
4. Kung ang inyong kagipitan ay mukhang laban sa ating Pledge, sumangguni sa ating Values para sa karagdagang gabay upang pumili ng desisyon na isinasaalang-alang ang values at sa abot ng inyong kaalaman ay ang pinakamabuting kapasyahan.
5. Humingi ng karagdagang gabay kung hindi pa rin kayo nakatitiyak kung ano ang pinakamabuting gawin.

Sa kabuuran, gamitin itong Code bilang sanggunian hindi lang para sa pagsunod sa mga naaangkop na batas, kundi para sa pagtiyak na nilalarawan ng ating mga kilos ang klase ng Kompanya na gusto natin maging ang Monsanto.

Ito ang buod ng ibig sabihin ng Karangalan sa trabaho:

- Sundin ang lahat ng mga batas, mga regulasyon, mga kautusan, mga patakaran na namamahala sa ating pagnenegosyo saan man ang pagnenegosyo.
- Tiyaking ang lahat ng transaksyon ay ginagawa sa tapat na paraan at itinala nang wasto.

Karangalan (pagpapatuloy)

- Iwasan ang conflict of interest, tunay man o hinuha lang.
- Huwag gamitin ang mga pag-aari, impormasyon, o ang mga kaugnayan ng Monsanto para sa inyong personal na pakinabang.
- Iwasan ang anumang mga paghihiganti sa isang empleado na pinagbigay-alam nang wasto ang isang isyu o katanungan na nauukol sa pagnenegosyo.
- Igalang ang mga karapatan ng lahat ng empleado na tratuhin sa makatwirang paraan at mabigyan ng pantay-pantay na pagkakataon , malaya sa panggugulo .
- Isagawa ang lahat ng pagnenegosyo sa matapat at makatwirang paraan.

Ang Ating Mga Pangako

Pagtupad sa binitawang pangako ang layunin ng Karangalan. Binahagi namin ang Code sa anim na bahagi ng ating pagnenegosyo, at tatalakayin natin ang tungkol sa ating mga pangako sa bawat bahagi.

Ang Ating Pangako sa Isat-isa

Magsisimula tayo sa ating mga responsibilidad sa isat-isa, ang ating mga katrabaho. Ang pagtrato natin sa isat-isa ay nagpapakita ng halimbawa at nagtatatag ng batayan sa ating pagtrato sa lahat ng mga kanegosyo natin.

Ang Ating Kapaligiran sa Trabaho

Matagumpay ang Monsanto dahil sa ating mga empleado at mga team, huwag na huwag nating kakalimutan ito.

Ang Monsanto ay nangangakong lumikha ng isang matagumpay na kapaligiran na may ibat-ibang klaseng tao na walang diskriminasyon at panggugulo. Kaya, nangangako kaming magkaloob sa lahat ng empleado at sa mga nag-aaplay sa trabaho ng pantay-pantay na pagkakataon sa trabaho. Ang ibig sabihin nito ay kami ay magre-recruit, kukuha, magtataas sa tungkulin, magsusuweldo at magkakaloob ng mga iba pang kondisyon sa pagtrabaho na hindi sinasaalang-alang ang lahi, kulay, relihiyon, kasarian, gulang, bansang pinagmulan, sexual orientation, katayuang beterano, kapansanan ng tao o anumang mga iba pang kalagayan na saklaw sa mga batas hinggil sa pagtatrabaho. Sisikapin naming magkaloob ng mga makatwirang pagbibigay-kaluwagan sa mga taong may kapansanan.

Hindi namin papayagan ang diskriminasyon o panggugulo batay sa mga katangiang binabanggit sa itaas, pati ang mga diskrimasyong sekswal, ukol sa lahi o ukol sa relihiyon. Hindi papayagan ang mga pagpuna at mga kilos na humihimok o lumilikha ng isang mapoot na kapaligiran. At karagdagan sa binanggit nang mga paraang puwedeng ipagbigay-alam ang mga reklamo, puwede ring kontakin ang Human Resources Department ng mga empleadong may mga katanungan o mga pinag-aalalahanan tungkol sa ating kapaligiran sa trabaho.

Mga Pinag-aalalahanan ukol sa Kaligtasan at Kalusugan

Karagdagan sa mga kautusan ng pamahalaan, nagtatag ang Monsanto ng mga ilang Fundamental Requirements [Mga Pangunahing Kautusan] ukol sa kaligtasan at kalusugan upang magbigay sa lahat ng bansa ng magkakaparehong pamantayan para sa kaligtasan at kalusugan. Itong mga kautusan na pinatutunayan ng mga patakaran sa Monsanto ESH Manual, ay nagbibigay ng mga pamantayan na nagpapahintulot sa ating masapat ang mga layuning itinakda ng Monsanto Pledge. Tandaan ninyo na ang bawat isa sa atin ay may kani-kanyang responsibilidad para sa kaligtasan.

Ang Ating Pangako sa Isat-isa (pagpapatuloy)

Maisasakatuparan lamang ng Monsanto ang kalagayan sa trabaho na mainam para sa kalusugan sa pagtulong ng lahat ng empleado. Bilang bahagi ng pagtutulungang iyon, ang lahat ng empleado ay inaasahang pumasok sa trabaho na hindi nasa impluwensya ng mga ilegal na droga o nang lasing. Mahigpit na ipinagbabawal ang paggamit sa lugar ng trabaho ng mga ilegal na droga o ang pag-aabuso ng mga iniresetang gamot.

Ang Aming Pangako ng Pagnenegosyo sa Makatarungang Paraan

Pinapangako ng Monsanto ang matapat, marangal at etikal na pag-uugali sa aming pagnenegosyo. Sisikapin naming makipagkumpitensiya sa pamilihan sa legal at etikal na paraan.

Antitrust at Iba Pang mga Batas ukol sa Kumpitensiyahan

Ang antitrust ay isang pangkalahatang katawagan para sa mga batas na tinatanguyod ang makatarungan at bukas na kumpitensiyahan. Umiiral ang mga batas na ito sa Estados Unidos, sa European Union, at sa marami pang bansa na nakikipagnegosyo ang Monsanto. ang mga ito ay nauukol sa mga kasunduan at mga gawain na laban sa kumpitensiyahan na gaya ng price fixing at boycotting o ng pagtatalaga ng mga supplier o mga customer. Nauukol rin ang mga batas hinggil sa antitrust sa kombinasyon ng negosyo na gaya ng teaming agreements, joint ventures, mergers, acquisitions, at iba pang mga kasunduang pagnenegosyong kooperatiba. Susundin namin ang lahat ng naaangkop na batas hinggil sa antitrust at sisikapin naminng iwasan ang kahit man lang palagay ng anumang kasunduang lumalabag sa mga batas na iyon.

Competitive Intelligence

Sinisikap naming higitan ang aming kakumpitensiya sa makatarungan at matapat na paraan. Sinisikap namin sapawan ang aming kakumpitensiya sa pamamagitan ng pagtupad sa aming mga trabaho sa mahuasay na paraan, hinding-hindi sa pamamagitan ng mga di-etikal o ilegal na pagnenegosyo. Mahigpit na ipinagbabawal ang pagnakaw ng proprietary information, pagtataglay ng trade secret information na nakuha nang walang pahintulot ng may-ari, o ang paghihikayat ng pagsisiwalat ng mga impormasyon sa mga dating empleado o kasalukuyang empleado ng mga ibang kompanya. Walang empleado o ahente ng Monsanto ang maghahanap o kukuha ng competitive intellegence sa pamamagitan ng manipulasyon, paglilihim, pag-aabuso ng privileged information, pagsisinungaling tungkol sa mga mahalagang impormasyon, di-tamang pagtatanong o pagdedestino ng mga bagong empleado, o anumang iba pang sadyang hindi matapat na pagnenegosyo.

Panunuhol at mga Kickback

Ilegal at ipinagbabawal ang mga panunuhol at mga kickback. Ang mga panunuhol at mga kickback ay lubos na nakasasama sa pagtitiwala na kinakailangan upang lumikha ng isang mabuting kapaligiran para umunlad ang ating negosyo. Walang gagamiting mga pera o pag-aari ng Monsanto para bayaran, ipautang o ibayad para impluwensyahan o ikompromiso ang pag-uugali ng tumatanggap nito. Walang empleado ang puwedeng manghingi o tumanggap ng suhol o kickback.

Para sa diskusyon tungkol sa panunuhol sa ibang bansa, tingnan ang seksyon nitong Code na pinamagatang Pagtulong sa Paglaban sa Corruption. Para sa diskusyon tungkol sa mga pinahihintulutang regalo o entertainment, tingnan ang kasunod na seksyon.

Mga Regalo at Entertainment

Sa Monsanto, bahagi ng pangako namin na makikipagkumpitesiya sa malinis na paraan ay nangangahulugang hindi kami hahanap ang mga hindi tama o hindi matapat na kalamangan na puwedeng matamo sa pamamagitan ng pagreregalo o pagkaloob ng entertainment. At hindi rin namin papayagan ang anumang kompanya na makalamang sa hindi tama o hindi matapat na paraan kapag sila ay nakikipagnegosyo sa amin.

Ang Aming Pangako ng Pagnenegosyo sa Makatarungang Paraan
(pagpapatuloy)

Kung minsan, ang pagbibigay o pagpapalitan ng mga bagay na katamtaman ang halaga gaya ng mga regalo, mga pagkain at entertainment ang isang pinahihintulutang paraan upang magtatag ng mabuting pakikisama at pagtitiwala sa mga relasyong pagnenegosyo. Sa Monsanto, pinahihintulutan ang magbigay at tumanggap ng ganitong regalo hanggat ang mga ito ay: legal, bihirang binibigay o tinatanggap, katamtaman ang halaga, hindi maaaring ipakahulugang panunuhol o kabayaran, at nagpapakita ng mabuting pagkakapili at pagpapasiya. Kabilang dito ang mga regalo sa mga empleado ng pamahalaan ng estado at pamahalaang lokal sa Estados Unidos.

Ang mga empleado ay hindi puwedeng mag-alok o magbigay ng mga regalo na maaaring ipalagay bilang pagtatangka ng Monsanto na impluwensyahan sa hindi wastong paraan ang sinumang nakikipagnegosyo sa amin. At wala ring empleado ng Monsanto ang tatanggap ng mga regalo na nagbibigay ng palagay na maiimpluwensyahan ang empleado o ang Monsanto sa pamamagitan ng regalo. Lalong dapat mag-ingat sa mga pakikipag-ugnay sa mga supplier ng Monsanto.

Para sa diskusyon tungkol sa mga regalo sa mga opisyal ng pamahalaan sa labas ng Estados Unidos, tingnan ang seksyon nitong Code na pinamagatang Pagtulong sa Paglaban sa Corruption.

Marketing sa Marangal na Paraan

Ang Monsanto ay nakikipagkumpitensiya sa pagnenegosyo batay sa aming napakahusay na mga produkto at mga serbisyo. Ang aming mga pagsisikap sa marketing ay kailangang kaayon sa napakahusay na reputasyon ng Monsanto. Sisikapin naming iwasan ang mga pahayag na mapanlinlang sa aming promotional materials.

Baka malinlang ng ganitong mga pahayag ang aming mga customer o ang mga iba pang tao na umaasa sa aming katapatan tungkol sa mga pagkaing kinakain nila at ang mga produkto ng Monsanto na ginagamit nila. Sisikapin naming hindi mangyari ito. Kailangang totoo at walang kamali-mali ang mga promotional material ng Monsanto. Kailangang pinapatunayan ang ganitong mga material ng tamang scientific data, at dapat iwasan ang mga pagsisinungaling tungkol sa mga produkto ng aming mga kakumpitensiya.

Mga Kontribusyong Pampulitika at Lobbying

Bilang bahagi ng pagtitiyak na nadidinig at naiintindihan ang aming mensahe, maaaring piliin ng Monsanto na sumali sa mga gawaing pampulitika. Patakaran ng Monsanto na sundin nang lubos ang naaangkop na mga batas na namamahala sa mga gawaing pampulitika ng korporasyon.

Sa Estados Unidos, ang Monsanto alinsunod sa lahat ng mga naaangkop na batas, ay maaaring magtatag ng mga hindi sapilitang political action funds na puwedeng magbigay ng kontribusyon ang mga empleado na walang kaugnayan sa alinmang partidong, organisasyon na pampulitika o kandidato. Lubos na kusang-loob, ang mga pagbigay ng mga empleado sa ganitong mga fund. Kung sumali man o hindi ang empleado ay walang epekto sa trabaho, pagtaas sa tungkulin, o suweldo ng sinumang empleado.

Sa Estados Unidos, ang Monsanto ay maaaring magbigay ng corporate campaign contributions sa mga partidong pampulitika sa estado o lokal, mga komiteng pampulitika o sa mga nagkakandidato para sa panunungkulang pampubliko, ngunit kapag lamang pinahihintulutan ng batas. Patakaran ng Monsanto na hindi magbigay ng kontribusyon sa mga partidong pampulitika sa labas ng Estados Unidos nang walang paunang pagpapahintulot ng isang naaangkop na opisyal ng Monsanto.

Mahigpit na pinamamahalaan ang mga political lobbying sa lahat ng mga bansa. Kailangang ang mga lobbying ng Monsanto ay sumusunod sa lahat ng naaangkop na mga batas at mga regulasyon.

Ang Aming Pangako ng Pagnenegosyo sa Makatarungang Paraan
(pagpapatuloy)

Insider Trading

Upang tiyakin ang walang-daya at hayag na trading ng securities at ang pagsunod sa naaangkop na mga batas ukol sa securities, pinagbabawalan ang lahat ng empleado ng Monsanto na mag insider trading. Nangyayari sa kadalasan ang insider trading kapag ginagamit natin ang nakamit na “inside information” mula sa Monsanto na bumili o ibenta ang securities ng anumang kompanya, hindi lang ang Monsanto.

Ilegal at hindi etikal ang paggamit ng inside information (ang ibig sabihin ng inside information ay impormasyong lihim at mahalaga) kapag bumibili o nagbebenta ng stock, o kapag nagbibigay ng “tip” sa isang kapamilya, kaibigan, o ibang tao batay sa impormasyong iyon. Kailangang ituring na proprietary information ang lahat ng impormasyon tungkol sa Monsanto na hindi para sa madla at sa kailanman ay hindi dapat gamitin para sa pansariling pakinabang, pati na rin ang trading ng stock. Mangyaring bigyang pansin: naaangkop itong seksyon sa lahat ng empleado, hindi lang sa senior management.

Mga Conflict of Interest

Nangyayari ang conflict of interest kapag inuuna natin ang ating mga kapakanang personal, panlipunan, pinansyal, o pampulitika sa kapakanan ng Kompanya. Dapat iwasan ang mga conflict of interest dahil maliban sa pagreresulta nito sa mga problema sa batas, maaaring ipagpalagay ng iba na hindi malinis sa pagnenegosyo ang Monsanto, na hindi namin sinusunod ang mga mataas na pamantayan sa ethics ng pagnenegosyo na tinatangkilik namin. Hindi problema ang lahat ng posibleng maging conflict of interest, ngunit kailangang isiwalat lahat ang posibleng maging conflict of interest para mapagpayuhan sa tamang panahon.

Kabilang sa mga halimbawa ng posibleng maging conflict ang:

- Nagtatrabaho, sa anumang kapasidad, sa kakumpitensiya, sa customer o sa supplier habang nagtatrabaho sa Monsanto o pinag-lilingkuran ito.
- Tumatanggap ng mga regalo mula sa kakumpitensiya, customer o supplier na ang halaga ng regalo ay higit pa sa pinahihintulutang halaga.
- Nakikipagkumpitensiya sa Monsanto sa pagbili o pagbenta ng property, mga serbisyo o mga iba pang kapakinabangan.
- May pakinabang sa transaksyong may kinalaman sa Monsanto, sa customer o supplier (hindi kasama ang mga karaniwang investment sa mga kompanyang hayagan ang kalakalan).
- Tumatanggap ng pautang o ng garantiya para sa pagkakautang bilang resulta ng inyong posisyon sa Monsanto.

Iwasan ang kahit man lang hitsura ng conflict of interest, at lalo nang tandaang isiwalat kaagad ang anumang sitwasyong kayo ay may conflict. Puwedeng ipagbigay-alam sa Business Conduct Office o sa Law Department ang mga posibleng conflict.

Corporate Opportunities

Maaari nating mapag-alaman sa Monsanto ang mga pagkakataong makapagnegosyo bilang resulta ng ating mga tungkulin sa Monsanto. Itong “corporate opportunties” ay puwedeng magresulta sa isang di-pangkaraniwang klase ng posibleng maging conflict of interest kapag tayo, ang isang malapit na kamag-anak natin, o ang isang taong malapit sa atin, ay sumali sa isang negosyo o posibleng maging negosyo na pinahayag ng Monsanto ang interes dito. Dapat nating sikaping iwasan ang mga ganitong klase ng posibleng maging conflit. Kung matuklasan ninyong may hinaharap kayong mga ganitong posibleng maging conflict, kontakin ang Business Conduct Office.

Mga Kaugnayan sa Supplier at sa Customer

Kapag maaari, dapat piliin ang mga sub-contractor at mga supplier batay lamang sa objective criteria. Kabilang sa ganitong criteria ang kalidad, technical excellence, halaga/presyo, schedule/paghahatid, mga serbisyo at ang pagpapanatili ng sapat na mga pinagkukunan ng supply at ang record sa kaligtasan kung saan naaangkop.

Gayon rin, bilang ahente ng Monsanto, dapat kayong ganap na matapat sa lahat ng inyong pagnenegosyo sa mga pamahalaan, mga negosyo, at mga iba pang organisasyon na maaaring o maaaring maging mga customer at/o kasosyo natin. Dapat na pinag-usapan at pinagkasunduan sa matapat na paraan ang lahat ng kontrata sa mga customer at mga kasosyo, na walang mga lihim na kasunduan, at nakatala ang lahat.

Ang Aming Pangako ng Mahusay na Produkto

Saklaw rin ng Code of Conduct ng Monsanto ang Mahusay na Produkto. Sa pamamagitan ng Mahusay na Produkto ay sisikapin naming tiyakin na ang aming mga produkto at teknolohiya ay sumusunod o lampas pa sa lahat ng naaangkop na mga batas, mga regulasyon, at mga pamantayan sa pag-aproba. Sisikapin rin naming gawing ligtas ang aming mga produkto at nakabubuti sa kapaligiran, at gagawin rin namin sa abot ng aming makakaya na ginagamit ang mga ito sa naaangkop at maingat na paraan, na sinasapat o hinihigitan pa ang mga inaasahan ng customer at mamimili sa kalidad ng produkto. Ang Mahusay na Produkto ay mas detalyadong pinaliliwanag sa mga seksyong Pananaliksik na Pansiyensiya, Kahusayan ng Produkto, Pagsunod sa mga Regulasyon at Pangangalaga ng Produkto sa ibaba.

Pananaliksik Na Pansiyensiya

Alam at naiintindihan namin sa Monsanto ang pagsasagawa ng etikal na pananaliksik na pansiyensiya. Ang karamihan sa aming pagtatagumpay ay magiging depende sa pagtitiwala ng ibat-ibang grupo at tao, at ang karamihan sa pagtitiwalang iyon ay magiging depende sa kung iksakto at maaasahan ang scientific data na binibigay namin.

Upang panatilihang etikal ang resulta ng aming pananaliksik, dapat isagawa ang pananaliksik ng may:

- Inaprobahang mga protocol at mga naaangkop na pamamahala.
- Peer review o pamamahala para tiyakin ang kahusayan kapag naaangkop.
- Data na itinala nang walang-mali, puwedeng kopyahin o buuing muli, at sinulat nang wasto.
- Ginagamit na naaankkop na pagsusuri ng estadistika o ng data.

Kahusayan Ng Produkto

Ang Monsanto ay nangangakong laging magbibigay ng mga produktong napakahusay. Ginagawa ito sa pamamagitan ng mga prosesong batay sa mga itinakdang pamantayan pati ang mga prosesong patuloy na pinabubuti. Ang pangako ng kahusayan ang isa sa aming mga pinakaimportanteng pinahahalagahan at ang laganap na katangian sa buong organisasyon at ang nag-uugnay sa amin sa customer. Ang kahusayan ng produkto ay sanhi ng pagsisikap araw-araw ng bawat empleado. Ang mga napakahusay na mga resulta sa pagtrabaho at pinansyal, ang natural na bunga ng mabisang pamamahala. Ang aming layunin ay maging isang lider sa industriya sa pagdedevelop at pagbibigay ng pinakamahusay na paggawa ng mga produkto, at maghahatid kami ng mga produkto na sumasapat sa mga itinatakda ng batas at ng pinagkasunduan. Kami ay nangangakong bigyan ng mga kasangkapan ang aming mga kasosyo at mga licensee, para may kakayahan rin silang makagawa ng mga mahusay na produkto at paghahandog.

Pagsunod Sa Mga Regulasyon

Mahigpit na pinamamahalaan ang mga pagnenegosyo ng Monsanto sa ibat-ibang bansa na kinakailangang aprobahan ng mga regulatory agency ang karamihan ng aming mga produkto bago mabenta o magamit ng mga customer namin. Ang layunin namin sa Monsanto ay sumunod sa lahat ng may-kaugnayang mga regulasyon at mga proseso ng pag-aaproba at mga kautusan. Sa gayon ay puwede naming itinda ang aming mga produkto, at puwede ring itinda ng aming mga customer ang kanilang mga produkto. Karagdagan sa pagsapat o paglampas sa lahat ng mga kautusang ukol sa kaligtasan at sa pagsunod sa mga regulasyon, sinisikap ng Monsanto na tiyakin sa aming mga customer, mga grower, at mga mamimili na pinatutunayan namin na ligtas ang mga produkto namin at nasapat namin ang mahigpit na pagsusuri ng naaangkop na mga awtoridad sa mga regulasyon.

Pangangalaga Ng Produkto

Ang pangangalaga ng produkto ang tungkulin ng Monsanto na tantiyahin at tangkilikin ang aming mga produkto at mga teknolohiya sa pag-ebalwa kung ligtas at hindi makasasama sa kapaligiran itong mga produkto at teknolohiya. Karagdagan, kasama sa pangangalaga ng produkto ang aming tungkulin na

Ang Aming Pangako ng Mahusay na Produkto (pagpapatuloy)

ipaliwanag at tangkilikin ang paggamit nitong mga produkto sa naaangkop at responsableng paraan, lalo na hinggil sa mga pamantayan at mga prinsipyo ng komunidad.

Nangangako ang Monsanto na pangangalagaan ang produkto at mayroon itong isang Health and Environmental Stewardship Council [Konseho para sa Pangangalaga ng Kalusugan at Kapaligiran] at maraming work group na nauukol sa pangangalaga. Inaasahang tatangkilikin ng mga empleado ang mga inisyatiba ng pangangalaga.

Ang Aming Pangakong Magtrabaho Sa Loob Ng Aming Mga Komunidad

Naiintindihan namin sa Monsanto ang impluwensya namin sa mga komunidad na nagnenegosyo kami, at gusto naming magbigay ng mga positibong kontribusyon para sa pagpapabuti ng mga komunidad na iyon. Naiintindihan namin na isang pribilehiyo ang payagang magnegosyo sa loob ng aming mga komunidad, at sisikapin naming maging karapat-dapat sa pribilehiyong pinagkakaloob sa amin bawat araw.

Pagpoprotekta ng Kapaligiran

Nangangako kami bilang isang kompanya na poprotektahan namin ang kapaligiran at ang kalusugan at kaligtasan ng aming mga empleado, mga kontratista, mga bisita at mga kapitbahay. Bilang bahagi nitong pangako, sinisikap naming igalang ang mga batas at kautusan na nauukol sa kapaligiran, kalusugan at kaligtasan saanman kami nagnenegosyo. Nagtatakda ng pinakamababang pamantayan sa aming mga paslilidad at pagnenegosyo ang ganitong mga batas at regulasyon, maging batas pederal, pangrehyon o lokal.

Ang mga empleado na ang mga tungkulin sa trabaho ay kaugnay sa anumang paraan sa mga gawaing pangkapaligiran ay kailangang mahigpit na sinusunod ang mga naaangkop na batas at regulasyon, at ang mga patakaran ng Monsanto hinggil sa kapaligiran na nakasulat sa Monsanto ESH Manual. Ang hindi pagsunod ay maaaring makaapekto sa ating mga komunidad at sa kapaligiran karagdagan sa mga malaking asunto.

Gawaing Pampulitika Ng Empleado

Hinihimok ng Monsanto ang mga empleado nito na sumali sa mga gawaing pambayan at sumali sa prosesong pampulitika. Isang paraan ito para maging mga mabuting mamamayan tayong lahat at gumawa ng mga makahulugang kontribusyon sa ating mga komunidad. Gayon pa man, ang anumang gawaing pampulitika ay para sa inyo lang at hindi para sa Kompanya. Kung kayo ay kumandidato sa tungkuling pambayan, tiyakin ninyong hindi kayo gumagamit ng anumang pag-aari o kasangkapan ng Kompanya para sa inyong pagkakandidato. Para sa inyong personal na panahon lang ang inyong mga gawaing pampulitika.

Ang Aming Pangako na Tama ang mga Sinisiwalat sa Madla at ang Naaangkop na Paggamit ng mga Pag-aari ng Kompanya

Pinagtitiwalaan kami ng aming mga investor na ginagamit namin sa responsableng paraan ang mga pag-aari ng Kompanya, pati ang mga pera nito. Sa gayong paraan, ginagamit ang mga pag-aari para sa binalak na layunin para sa mga ito: upang tulungang umunlad ang negosyo.

Kalidad ng mga Sinisiwalat sa Madla

May responsibilidad ang Monsanto na magbalita sa mabisa at tapat na paraan sa mga shareholder at sa mga iba pang tao para mayroon silang makatotohanang paglalarawan ng kalagayang pinansyal ng Monsanto at ng mga resulta ng mga pagnenegosyo mula sa pananaw ng mga Tagapamahala. Pinangangako ng Monsanto ang ganap, makatarungan, naaangkop, napapanahon at naiintindihan na pagsisiwalat ng impormasyon sa mga periodic report nito na finile sa Securities and Exchange Comission at ang mga iba pang sinisiwalat nito sa madla.

Ang Aming Pangako na Tama ang mga Sinisiwalat sa Madla at ang Naaangkop na Paggamit ng mga Pag-aari ng Kompanya (pagpapatuloy)

Wastong mga Libro at Talaan

Napakaimportante ang mapagtitiwalaang at wastong pagtatala at pag-uulat ng mga impormasyon ng Kompanya.

Inaasahan kami ng mga investor at ipinag-uutos sa amin na batas na magbigay ng tamang impormasyon tungkol sa aming negosyo at gumawa ng mga pinabatirang pagpapasiya sa negosyo batay sa mga pinagtitiwalaang ulat. Ang mga empleadong awtorisado lang ang gagawa ng lahat ng klaseng transaksyon sa negosyo. Ang mga transaksyon sa negosyo ay kailangang itala kaagad at nang tama upang makapaghanda ng mga talaang pinansyal at mga iba pang talaan na walang-mali, at upang ipakita nang malinaw ang mga pananagutan sa mga pag-aari at mga pagkakautang. Kailangang itinatala ang lahat ng mga perang pumasok at lumabas. Ang mga talaan ay hindi puwedeng baguhin sa anumang paraan. Hindi puwedeng magtala na kusang tinatago o pinagtatakpan ang tunay na klase ng anumang transaksyon.

Ang mga superbisor sa Monsanto ang may tungkuling magtatag at ipagpatuloy ang isang mabisang sistema ng mga pamamahala ng pangasiwaan at accounting sa mga parteng sila ang may-pananagutan.

Pamamahala ng mga Talaan

Binabatay ang aming pagnenegosyo sa pagtatala sa talaan gaya ng ginagawa ng mga tao upang nalalaman nila kung ano ang nasa kanila, at upang maging maayos ang kanilang mga gawain. Sa karaniwan, hindi mapapatunayan ng isang kompanya kung ano ang mga pag-aari nito, o na tama ang ginawa nila, kung walang mga talaan.

Iniuutos sa amin ng batas na magpanatili ng maraming klaseng talaan, kabilang ang mga talaan para sa accounting, buwis at kalusugang at kaligtasang pangkapaligiran, sa mga ilang tagal ng panahon. Sa karagdagan, malimit naming kailangan ang mga talaan sa nakaraan nang mas malayo pa sa iniuutos ng batas, upang ipagtanggol ang mga patent namin laban sa mga asunto at mga paghamon.

Upang matiyak na wasto ang mga nakatala sa mga talaan at upang sumunod sa naaangkop na mga batas at mga regulasyon, susundin ng lahat ng empleado ang nakasulat sa Records Management Manual at ang lahat ng tax at legal holds sa mga talaan.

Intellectual Property at Lihim na Impormasyon

Maraming mga pinaghirapang trabaho ng mga empleado ng Monsanto ang pinag-iingatan sa ibat-ibang anyo ng pinaglilihim na impormasyon, pati ang intellectual property. Ang confidential proprietary information [lihim na patentadong impormasyon] na nilikha at tinipon sa aming negosyo ay isang mahalagang pag-aari ng Kompanya. Ang pagpoprotekta nitong impormasyon ay importante sa aming patuloy na pag-unlad at kakayahang makipagkumpitensiya, at dapat na mahigpit na ipaglihim ang proprietary information, maliban kapag may pahintulot ng Monsanto ang pagsisiwalat o kapag iniuutos ng batas.

Kabilang sa proprietary information ang lahat ng impormasyon na di para sa madla na puwedeng mapakinabangan ng mga kakumpitensiya o mga investor o na puwedeng makasama sa Monsanto o sa mga customer nito kung isisiwalat, gaya ng pagnenegosyo, pananaliksik, marketing, mga plano para sa pagbibili at para sa bagong produkto, mga layunin at estratehiya, mga talaan, mga database, data tungkol sa suweldo at benefits, medical information ng empleado, mga listahan ng mga customer, empleado at mga supplier, at anumang hindi pa nalalathalang impormasyong pinansyal o ukol sa pagpepresyo, at pati ang intellectual property. Ang intellectual property ay ang pangkalahatang katawagan na tinutukoy ang mga ideya, nakasulat na trabaho, mga brand name, mga computer program, mga formula, mga

Ang Aming Pangako na Tama ang mga Sinisiwalat sa Madla at ang Naaangkop na Paggamit ng mga Pag-aari ng Kompanya
(pagpapatuloy)

industrial process, mga imbento at iba pang resulta ng pinag-iisipan. Maaaring kabilang rin dito ang lihim na impormasyon tungkol sa negosyo gaya ng mga design, mga drawing, mga kalkulasyon at mga computer database at software. Dinisign ang mga patent, mga trademark, mga copyright at mga trade secret para protektahan ang partikular na klase ng intellectual property, ngunit malimit na pinagsasama para magbigay ng pinakamaraming proteksyon.

Dahil hindi palaging madaling malaman kung ano ang intellectual property o lihim na impormasyon, dapat palaging ituring ng mga empleado ang lahat ng mga material bilang kumpidensyal hanggang sabihin ng isang naaangkop na kinatawan ng Monsanto na hindi ito kumpidensyal. Ang walang pahintulot na paggamit o pamamahagi ng lihim na impormasyon ay labag sa patakaran ng Kompanya at puwedeng magresulta sa pagdidisiplina. Maaaring ilegal rin ito at magresulta sa mga pagmumulta o pagkakakulong. Ang bawat isa sa atin ay may obligasyong masigasig na protektahan ang lahat ng lihim na impormasyon at intellectual property na ipinagkatiwala sa atin ng Monsanto, at kabilang sa obligasyong ito ang naaangkop na pagprotekta sa intellectual property ng iba. Tungkulin ng mga empleado ang protektahan ang lahat ng lihim na impormasyon sa pamamagitan ng nararapat na pagmarka nito, paglayo sa panganib, at ang pagpapakita o pagpapaalam lang sa mga empleado na kinakailangang malaman ang impormasyon upang maisagawa ang kanilang mga trabaho.

Patuloy pa rin ang obligasyon ng empleado na protektahan ang proprietary at confidential information ng Monsanto kahit hindi na siya nagtatrabaho sa Monsanto. Dapat ibalik sa Monsanto ng mga empleadong lilisan sa Monsanto ang lahat ng proprietary information na nasa kanila.

Mga Pag-aari ng Kompanya

Gagamitin lamang ang mga pag-aari ng Kompanya para sa pagsasagawa ng mga negosyo ng Kompanya. Inaasahang tayo ay kumikilos sa mapagtitiwalaang paraan at gagawa ng mabuting desisyon kapag ginagamit ang mga pag-aari ng Kompanya. Tungkulin natin ang protektahan ang mga pag-aari ng Kompanya para ang mga ito ay hindi mawala, manakaw, gamitin sa masamang paraan, at maaksaya.Tuwirang naaapektuhan ng pagnanakaw, pagwawalang-ingat at pag-aaksaya ang ating pagiging mapakinabang, at ang anumang hinalang pagnanakaw, pandaraya o ang pawardi-warding paggamit ng mga pag-aari ng Kompanya ay kailangang isumbong sa isang manager, sa Security Department, o sa Business Conduct Office. Pinapayagan ang paminsan-minsang personal na paggamit ng mga pag-aari ng Kompanya kapag naaalinsunod sa batas ang paggamit nito, limitado ang tagal at kalimitan at hindi masyadong pinagkakagastosan ng Kompanya. Ang mga empleado ay inaasahang gamitin ang mga kagamitan ng kompanya na inaprobahan para sa layuning ito kapag naglilista ng mga personal na aytem na ipinagbibili o pinarerenta. Ang mga sumusunod ang gabay para sa bawat aytem:

Computer, E-mail, at Internet

Ang Monsanto computer system (na kasama ang anumang mga computer na pinagagamit ng Kompanya sa mga empleado) ay pag-aari ng Kompanya. Gaya ng lahat ng pag-aari ng Monsanto, pinagagamit ang computer system para isagawa ang mga pagnenegosyo ng Monsanto.

Ang bawat empleado ay may tungkuling gamitin ang computer system ng Kompanya (na kasama ang paggamit ng e-mail at ng internet) sa naaangkop na paraan at alinsunod sa mga naaangkop na batas at mga patakaran ng Kompanya. Ang lahat ng mga komunikasyon at impormasyon na pinadadala, natatanggap, ginagawa o iniimbak sa computer system ng Kompanya (kasama ang mga disc, mga CD o iba pang storage media) ay mga rekord ng Monsanto at pag-aari ng Monsanto. May karapatan ang Kompanya, ngunit walang tungkulin, sa anumang dahilan at na walang permiso ng empleado, na imonitor ang lahat ng aspeto ng computer system.

Samantalang pinapayagan ang paminsan-minsang paggamit ng computer system para sa mga personal na layunin, ipinagbabawal ang paggamit ng computer system para magpadala o tumanggap ng ilegal na mga mensahe o mga file. Ipinagbabawal rin ang pagpapadala o pagtanggap ng mga impormasyon o mga material na sekswal, mapanghamak sa ibang lahi o malinaw na malupit, nakasasakit o mapusog. Sa karagdagan, maliban kung inaprobahan ng Monsanto, hindi puwedeng gamitin ang computer system para manghingi ng mga abuloy para sa simbahan o mga layuning pampulitika, sa mga gawaing walang kinalaman sa negosyo ng Kompanya o para sa mga iba pang organisasyon sa labas, o para sa mga iba pang gawaing walang kinalaman sa mga serbisyo ng empleado sa Monsanto.

Paglilihim ng mga Talaan

Sa panahon ng aming mga pagnenegosyo, kung minsan ay nakikita namin ang mga medical record ng isang tao o ang iba pang impormasyon tungkol sa kanya. Ipinagkatiwala sa amin itong mga impormasyon sa pagkakaunawang ang mga ito ay gagamitin at iimbakin sa naaangkop na paraan. Ipaglilihim namin ang lahat ng mga impormasyong medikal at personal na nasa aming pag-iingat at ipagpapatuloy naming gamitin at kunin ang mga ganitong impormasyon sa naaangkop na paraan. Sa karagdagan, sa mga panahon ng aming pagnenegosyo ay maaari naming matuklasan ang mga impormasyong pinansyal o mga iba pang sensitibong impormasyon tungkol sa mga mamimili, tungkol sa aming mga customer o tungkol sa iba. Poprotektahan ng Monsanto ang ganitong mga impormasyon at gagamitin lang sa naaangkop na paraan.

Paglilihim para sa European Union

Pinahihintulutan ng Directive on Data Protection (ang Direktiba) ng European Union (EU) ang paglilipat ng personal data ng mga mamamayan ng EU sa mga bansa na hindi kasapi sa EU na nagbibigay ng “sapat” na proteksyon ng paglilihim. Ang Direktiba ay susundin ng lahat ng mga affiliate at kinatawan ng Monsanto na nasa loob ng EU. Sa labas ng EU, susundin ng Monsanto ang “Principles” [“Mga Paraan”] na nilista ng US Department of Commerce para protektahan ang personal data mula sa EU na pinadadala sa Monsanto o na ina-access ng Monsanto sa Estados Unidos.

Ang Aming Pangako na Tangkilikin ang mga Pagtatrabaho sa Ibat-ibang Bansa sa Lahat ng Dako ng Daigdig

Nasisiyahan ang Monsanto na maging isang lider sa pagnenegosyo sa ibat-ibang bansa sa lahat ng dako ng daigdig. Isang pribilehiyo ang makapaghandog ng aming mga produkto at mga serbisyo sa maraming bansa sa lahat ng dako ng daigdig, magkaroon ng bukod-tanging pagkakataong tulungan ang mga mamamayan ng mga bansang iyon na itaas ang pamantayan ng pamumuhay at pabutihin ang kanilang kalusugan at kapakanan at pati ng kanilang mga anak. Kasama sa pribilehiyo ng pagnenegosyo sa lahat ng dako ng daigdig ang igalang ang mga batas na namamahala sa pagnenegosyo, pati ang mga opisyal ng mga pamahalaan sa ibang bansa na nagpapatupad at nagpapanukala ng mga batas. Tatalakayin natin ngayon ang ilan sa mga batas na iyon.

Ang Aming Pangako na Tangkilikin ang mga Pagtatrabaho sa Ibat-ibang Bansa sa Lahat ng Dako ng Daigdig (pagpapatuloy)

Pagtulong sa Paglaban sa Corruption

Sa panahon ng kanilang mga pagtatrabaho, kung minsang ay maaaring makipagkita ang mga empleado ng Monsanto sa mga opisyal ng pamahalaan. Kinakailangang hayagan at legal ang lahat ng ganitong mga pakikipagkita.

Ipinagbabawal ng isang batas ng Estados Unidos, ang Foreign Corrupt Practices Act (FCPA) sa mga empleado at mga ahente ng Monsanto ang tuwirang o di-tuwirang pag-aalok o pangakong magbabayad, o pinahihintulutan ang pagbabayad ng pera o anumang may halaga sa mga opisyal ng pamahalaan sa labas ng Estados Unidos, para sa mga layuning impluwensyahan ang mga kilos o mga desisyon ng mga opisyal na iyon. Higit sa animnapung bansa ang nagpanukala ng ganito ring klaseng mga batas na ipinagbabawal ang panunuhol ng mga mamamayan ng mga bansang iyon sa mga opisyal sa mga ibang bansa. Susundin ng mga empleado at mga ahente ng Monsanto ang FCPA at mga iba pang batas laban sa panunuhol.

Hindi pabibilisin ang mga pagbabayad nang walang paunang pagkakaaproba ng General Counsel maliban kung may isang emergency.

Sa karagdagan, ang halos lahat ng bansa ay may mga batas na ipinagbabawal ang paggawa, pag-aalok o pangako ng anumang pagbabayad ng pera o anumang may halaga (tuwiran o di-tuwiran), sa empleado o opisyal ng pamahalaan ng bansang iyon kapag ang ganitong pagbayad ay para impluwensyahan ang isang opisyal sa kanyang kilos o desisyon para makakuha ng negosyo para sa amin o ipagpatuloy ang naturang pagnenegosyo.

Kaya, walang mga bayad, mga regalo, mga serbisyo, o mga iba pang bagay na may-halaga ang iaalok o ibibigay sa sinumang opisyal ng pamahalaan, saanman sa daigdig, kung ang bayad, regalo, serbisyo, o bagay na iyon ay para o kahit man lang mukhang para impluwensyahan ang mga kilos ng isang opisyal ng pamahalaan para makakuha ng negosyo para sa Monsanto o para ipagpatuloy ang naturang pagnenegosyo.

Mga Batas Laban sa Pagboycott

Ang Estados Unidos ay may mga batas laban sa pagboycott na inukol para tiyaking ang mga kompanya ay hindi makikipagtulungan sa anumang paraan sa mga boycott na walang-pahintulot. Halimbawa, tinuturing ng batas ng Estados Unidos ang pagboycott sa Israel ng ilang mga bansa bilang isang boycott na walang-pahintulot. Ang mga batas ng Estados Unidos laban sa pagboycott ay may mga mahigpit na pagbabawal at mga kautusan sa pagsusumbong na kaugnay sa mga boycott at ang anumang mga kahilingan na makipagtulungan sa mga ito. Ang mga batas at regulasyon ng Estados Unidos sa dakong ito ay naaangkop sa mga affiliate ng Monsanto sa mga ibang bansa at sa mga gawain nito sa labas ng Estados Unidos. Susundin namin ang gayong mga batas laban sa pagboycott at ang mga kautusan sa pagsusumbong.

Trade at Economic Sanctions

Ang Estados Unidos sa pana-panahon ay nagpapataw ng economic sanctions at trade embargoes upang itaguyod ang mga layunin ng foreigh policy [pamamalakad sa pakikitungo sa mga ibang bansa]. Ginagawa ito sa pamamagitan ng paglilimita at pagmomonitor ng trade, investment, at mga transaksyong pinansyal ng mga tao at mga kompanya sa Estados Unidos, at kung minsan ng mga affiliate at mga tao sa labas ng Estados Unidos, sa ilang mga bansa, mga organisasyon, at mga tao. Ang mga batas at mga regulasyon ng Estados Unidos sa dakong ito ay naaangkop sa mga affiliate ng Monsanto sa labas ng Estados Unidos at maaaring kasali ang mga transaksyon sa pagitan ng isang affiliate sa labas ng Estados Unidos at ibang entidad sa labas ng Estados Unidos.

Susundin ng mga empleado ng Monsanto ang lahat ng naangkop na batas ukol sa trade sanctions.

Pagluluwas at Pag-aangkat

Ang pagluluwas at pag-aangkat ay isang pang-araw-araw na bahagi ng mga sales at procurements ng Monsanto sa mga ibang bansa. Nangangako ang Monsanto na sundin ang lahat ng mga batas at mga regulasyon ng Estados Unidos at may-kaugnayang mga batas at mga regulasyon sa mga ibang bansa na namamahala sa transportasyon ng aming mga produkto sa mga border ng ibat-ibang bansa. Ipinag-uutos ng bawat bansa (o pangkat ng mga bansa gaya ng EU), kabilang ang Estados Unidos na dumaan sa customs ang angkat na mga kalakal. Susundin ng Monsanto ang lahat ng naaangkop na batas hinggil sa customs, na ibigay sa mga awtoridad ng customs ang tama at totoong impormasyon tungkol sa mga produktong iniluluwas at inaangkat namin.

Mga Etikal na Transaksyon ng Pera

Higit sa 100 bansa ang may mga batas na ngayon na ipinagbabawal ang money laundering. Ang pera ay “laundered” [linilinis] kapag ito ay kinuha mula sa isang gawaing ilegal at dinadaan sa isang legal na gawain

upang ikubli ang gawaing kriminal na pinagmumulan nito, gaya ng terorismo, pagbebenta ng mga droga o labag sa batas na hindi pagbabayad ng buwis. Nangangako ang Monsanto na lubos na susundin nito ang lahat ng naangkop na batas laban sa money laundering ng lahat ng bansa sa buong daigdig.

Puwedeng masira ang karangalan at reputasyon ng Monsanto sa hindi pagtuklas at hindi pag-iwas sa mga kaugnayang isinasapanganib tayo. Makikipagnegosyo ang Monsanto sa mga kasosyo, lalo na ang mga customer na may mabuting reputasyon na naalinsunod sa batas ang kanilang mga pagnenegosyo. Kami ay hindi kusang tatanggap ng mga perang kinita na resulta ng mga gawaing ilegal.

Mga Malimit na Tinatanong

Ano ang aking mga responsibilidad alinsunod sa Code?

Responsibilidad ng bawat isa sa atin na gawin sa marangal na paraan ang lahat ng ginagawa natin, na maabot ang mataas na mga pamantayang itinakda natin para sa ating sarili. Susundin ng lahat ng empleado ng Monsanto ang lahat ng naaangkop na batas, at ating mga patakaran, at ang ating Code of Business Cojnduct at isusumbong sa Business Conduct Office ang anumang sitwasyong mukhang lumalabag sa Code.

Naniniwala kaming marangal ang aming mga empleado at handa kaming tumulong sa mga isyu at parte na pinagsasalungatan. Gayon pa man, ang mga empleadong hindi sumusunod sa Code ay makatatanggap ng pagdidisiplina hanggang sa at pati ang pagsibak sa trabaho. Karagdagan, inaasahang makikipagtulungan ang lahat ng empleado sa anumang imbestigasyon ng palagay na paglabag sa Code.

Patakaran ng Monsanto na hindi pahihirapan ang empleadong, kumikilos sa tapat at sa mabuting dahilan, nagsusumbong sa mga tagapamahala sa Monsanto, sa Law Department, o sa Business Conduct Office ng palagay na mga paglabag ng Monsanto Code of Business Conduct. Ang sinumang manager na maghihiganti sa isang empleado dahil sa kanyang pagsusumbong alinsunod sa Code na ito ay makatatanggap ng pagdidisiplina ng hanggang sa at pati ang pagsibak sa trabaho. Ang sinumang empleado na matuklasang nagsinungaling sa pagsusumbong ay makatatanggap rin ng pagdidisiplina ng hanggang sa at pati ang pagsibak sa trabaho.

Ano ang mga responsibilidad ng mga manager alinsunod sa Code?

Ang mga tagapamahala sa Monsanto ay inaasahang magpakita ng halimbawa na naaangkop na pag-uugali sa pagnenegosyo. Ang ibig sabihin nito ay lumilikha at nagpapanatili ng isang kapaligiran sa trabaho na naiintindihan ng mga empleado ang etikal na pag-uugaling inaasahan sa kanila at malaya nilang masasabi ang mga problema o mga pinag-aalalahanan tungkol sa pag-uugaling iyon. Kailangang nakikita ng ating mga tagapamahala sa lahat ng level ang mga babala na may nangyayaring mga paglabag sa ating Code.

Dapat ring talakayin ang mga sitwasyon ng mukhang paglabag sa ating code. Bilang wakas, tungkulin ng bawat tagapamahala na isumbong sa Business Conduct Office ang anumang mga palagay o nakikitang paglabag sa Code.

Mga Malimit na Tinatanong (pagpapatuloy)

Saan ako hihingi ng tulong kung mayroon akong hindi naiintindihan?

Handang tumulong ang Business Conduct Office.

Monsanto Guidance Line:	877•781•2431
Telepono ng Opisina	800•886•0782
E-mail:	business.conduct@monsanto.com
Direksyong pinadadalhan ng sulat:	Monsanto Business Conduct Program P.O. Box 21526 St. Louis, MO 63132, USA
Feedback form mula sa web ng Business Conduct	Nasa Business Conduct Program homepage

Sa Pagwawakas

Sa paglalathala nitong Code of Business Conduct, muling pinagtitibay ng Monsanto ang pangako nitong isagawa ang lahat ng pagnenegosyo na kasang-ayon sa karangalan, kasang-ayon sa lahat ng mga iniuutos ng batas at sa mga pamantayan sa etika na itinatakda nitong code. Upang magkaroon ng tunay na halaga itong code, kailangang nakatalaga dito ang lahat ng tao sa ating Kompanya, at inaasahang gagawin nga ito ng bawat isa sa atin. Sikaping isakatuparan sa lahat ng gawain ang ating Pledge at ang mga kahalagahan ng Pledge.

Ang mga paghamong nagaganap sa ating pagnenegosyo ay malulutas ng kasang-ayon sa lahat ng naaangkop na mga batas at mga regulasyon, at sa mataas na pamantayan sa etika, at pinapayagan pa rin tayong sapatin ang ating mga layunin sa pagnenegosyo kung nakikilala nang maaga ang mga problem, tinatalakay sa pakikipagtulungan at linulutas nang may mabuting layunin. Magkakasama tayong makakalikha ng isang matagumpay na kapaligiran.